# DE LA SALLE UNIVERSITY

ARALING PANRELIHIYON, MINISTRI SA KAMPUS AT COSCA: ISANG MALALIM NA ANALISIS SA EPEKTO NITO SA PAGPAPALAGANAP NG MISYONG PAHAYAG NG PAMANTASAN NG DE LA SALLE.

---

A Dissertation

Presented to

the Faculty of the College of Education

De La Salle University

---

In Partial Fulfilment

of the Requirements for the Degree

Doctor of Education

Major in Religious Education and Values Education

---

by

Ismael Maningas Jr.

May 1990

THE DLSU-E C LIBRARY

Mga Nilalaman


Kabanata Pahina

1 PANIMULA ....................................1

Pagsusuri ng mga Kaugnay na Literatura .....10

Konseptong Balangkas (Conceptual Framework).25

Paglalahad ng Problema ....................33

Ipotesis ..................................35

Ang Halaga ng Pag-aaral ...................35

Ang Saklaw At Limitasyon ng Pagaaral .......36

2. PAMARAAN (Method)

Batayan ng Pagtatasa ......................38

Mga Binigyan ng Pagtatasa .................38

Mga Instrumentong Ginamit .................41

Paraan ng Pagkuha ng Datos ................50

Pagtatalakay ng Statistical at

Analisis ng Datos .........................51

3. PAGLALAHAD, ANALISA AT INTERPRETASYON NG DATOS

Pagtatasa Ayon sa Konteksto ...............53

Pagtatasa Ayon sa Ipinagkaloob.............89

Pagtatasa Ayon sa Pamamaraan...............120

Pagtatasa Ayon sa Kinalabasan....................137

4. KABUUAN NG KINALABASAN NG PAGTATASA, MGA KONKLUSION AT RESULTA NG PAGTATASA AT AYON SA KONTEKSTO..............................167

Resulta ng Pagtatasa Ayon sa Konteksto........167

Resulta ng Pagtatasa Ayon sa Ipinagkaloob....168

Resulta ng Pagtatasa Ayon sa Pamamaraan .....168

Resulta ng Pagtatasa Ayon sa Kinalabasan......169

Kinalabasan ng Pag-aaral.......................171

Rekomendasyon..................................178

Konklusyon:....................................186

Sangunian (Bibliography)........................187

Appendices

A. Liham Para Sa Dekano ng Bawat Kolehiyo ng Pamantasan ng De La Salle ..................190

B. Liham Para Sa Mga Guro ng Lahat ng Kolehiyo sa Pamantasan ng De La Salle...............191

C. Mga Bahagi ng Instrumentong: Layunin ng Programa, Pamaraang Ginagamit sa Programa at Impormasyon sa Naisaloob ng Pagpapahalagang La Sallian Para Sa Magtatapos sa Pag- aaral....................192

D. Mga Bahagi ng Instrumentong: Layunin ng Programa, Pamaraang Ginagamit sa Programa at Impormasyon sa Naisaloob ng Pagpapahalagang La Sallian Para Sa Bago Pa Lamang Mag-aaral sa De La Salle....207

E. Mga Bahagi ng Instrumentong: Layunin ng Programa at Pamaraang Ginagamit sa Programa Para sa Mga Pakultad ng Araling Pangrelihiyon........................214

F. Mga Bahagi ng Instrumentong: Layunin ng Programa at Pamaraang Ginagamit sa Programa Para Sa Mga Namamahala sa Ministri sa Kampus.........................216

G. Mga Bahagi ng Instrumentong: Layunin ng Programa at Pamaraang Ginagamit sa Programa Para Sa Mga Namamahal sa Cosca ..................................219

H. Syllabus sa Relsone.........................222

I. Syllabus sa Relstwo.........................225

J. Syllabus sa Relstri.........................227

K. Syllabus sa Codevel.........................229

L. Syllabus sa Business Ethics.................232

# BUOD

## PAGLALAHAD NG PROBLEMA

Nilayon ng pag-aaral na ito na tasain ang programa ng Araling Pangrelihiyon, Ministri sa Kampus, at Cosca ayon sa misyong pahayag ng Pamantasan ng De La Salle.

Sa ikatutupad ng nasabing layunin, sinagot sa pag-aaral na ito ang mga sumusunod na katanungan para sa tatlong programang nabanggit na ang ginawang batayan ay ang apat na sangay ng pagtatasa ni Stufflebeam:

1. PAGTATASA AYON SA KONTEKSTO (CONTEXT EVALUATION)

1.1 Ang layunin ba ng bawat isang programang nabanggit ay na-aayon sa Misyong Pahayag ng Pamantasan?

1.2 Ang mga layunin ba ng mga programang ito ay na-aayon sa pangangailangan ng mga mag-aaral?

2. PAGTATASA AYON SA IPINAGKALOOB (INPUT EVALUATION)

2.1 Hanggang saan naisaloob ang pagpapahalagang La Sallian ng mga: a) bagong mag-aaral sa unang termo ng 1990-91 at ng b) mga magtatapos sa pag-aaral sa unang termo ng 1990-91, noong bago pa lamang silang mag-aaral sa Pamantasan?

2.2 Ano ang pananaw ng mga magtatapos sa pag-aaral sa unang termo ng 1990-91 tungkol sa kaugalian at paraan ng pagtuturo ng mga guro ng Pamantasan?

3. PAGTATASA AYON SA PAMAMARAAN (PROCESS EVALUATION)

3.1 Ang mga pamamaraan bang ginagamit ay nakakatulong upang makamit ang nilalayon ng tatlong programang nabanggit?

3.2 Ano ang mga problema na nakapipigil sa pagsasagawa ng mga pamamaraang makakatulong sa pagkamit ng mga layunin ng tatlong programang nabanggit?

4. PAGTATASA AYON SA KINALABASAN (PRODUCT EVALUATION)

4.1 May kaibahan ba ang pagsasaloob ng mga pagpapahalagang La Sallian ng mga magtatapos sa pag-aaral noong bago pa lamang sila mag-aaral at ngayong magtatapos na sila sa pag-aaral sa Pamantasan ng De La Salle?

4.2 May kaibahan ba ang pagsasaloob ng mga pagpapahalagang La Sallian ng mga bagong mag-aaral at ng mga sumusunod:

4.2.1 mga kabilang sa Peer Ministers,

4.2.2 mga kabilang sa Volunteer Formation Program at,

4.2.3 mga magtatapos sa pag-aaral?

IPOTESIS

Ang mga sumusunod na ipotesis ay mapapatunayan sa pag-aaral na ito:

1. May makabuluhang kaibahan ang pagsasaloob ng pagpapahalagang La Sallian ng mga:

1.1 Mag-aaral bago at matapos silang mag-aaral sa Pamantasan.

1.2 Bagong mag-aaral at ng mga:

1.2.1 magtatapos na sa pag-aaral,

1.2.2 kabilang sa Peer Ministers,

1.2.3 kabilang sa Volunteer Formation Program.

ANG HALAGA NG PAG-AARAL

Ang resulta ng pag-aaral na ito ay makatutulong ng malaki sa pagpapabuti ng programa ng Araling Pangrelihiyon, Ministri sa Kampus, at Cosca upang ang Misyong Pahayag ng Pamantasan ng De La Salle ay tunay na maipadama sa mga mag-aaral at upang ang layunin ng mga programang nabanggit ay tunay na maging kasagutan sa pangangailangan ng mga mag-aaral.

Ang pag-aaral na ito ay makatutulong din ng malaki sa ibat-ibang Katoliko o Kristiyanong pamantasan sa ating bansa, sapagkat ito ay maaaring maging isang huwaran sa pagtatasa sa bisa ng kanilang mga programa na naglalayon na hubugin ang mga mag-aaral sa pagiging tunay

na mga Kristiyano. Maaari ring gamiting modelo ng ibang larangan sa edukasyon ang paraang ginamit sa pagtatasa ng pag-aaral na ito upang alamin ang kabisaan ng isang programa.

PAMAMARAANG GINAMIT SA PAG-AARAL

Ang pag-aaral na ito ay isang descriptive-evaluative research. Ito ay descriptive sapagkat inaanalisa ang programa ng Araling Pangrelihiyon, Ministri sa Kampus at Cosca ayon sa Misyong Pahayag ng Pamantasan. Evaluative rin ito sapagkat tatasain kung gaano kabisa ang mga programa sa pagtulong sa pagpapalaganap o pagpapatupad ng misyong pahayag ng pamantasan ng De La Salle.

Ginamit ang pamamaraang pagtatasa ni Stufflebeam na kinapapalooban ng apat na sangay: pagtatasa ayon sa konteksto (context evaluation), pagtatasa ng ipinagkaloob (input evaluation), pagtatasa ng pamamaraan (process evaluation) at pagtatasa ng kinalabasan (output evaluation).

Mga Binigyan ng Pagtatasa (respondents).

Ginamit ang "random cluster sampling procedure" sa pagpili ng mga mag-aaral na sumagot sa pagtatasa. Ang bilang na ito ng mga tinasa ay batay sa kailangang "sample size" ayon sa .05 level of significance at error margin na .10 standard deviation.

Dahil sa kakaunti lamang ang mga gurong nagtuturo ng relihiyon sa Departamento ng Araling Pangrelihiyon sa Pamantasan (n=15), mga may tuwirang kaugnayan sa pamamahala ng programa ng Ministri sa Kampus (n=3) at Cosca (n=5), at ng mga mag-aaral na kabilang sa Peer Ministers (n=13) at Volunteer Formation Program (n=10). Halos lahat sila ay sinama sa pagtatasa.

Ang pagtatanong sa pamamagitan ng mga katanungan at panayam ang ginamit na paraan sa pagkuha ng mga datos na kailangan sa pagtatasa. Ginamit naman ang "One-Way Analysis of Variance" upang malaman ang kaibahan ng pagsasaloob ng pagpapahalagang La Sallian ng mga bagong mag-aaral sa unang termo ng 1990-91 at ng mga kabilang

sa Peer Ministers at Volunteer Formation Program at magtatapos sa pag-aaral sa unang termo ng 1990-91.

Ginamit ang "T-Test for Independent or Correlated Samples", upang malaman kung mayroong pagkakaiba ang pagpapahalagang La Sallian ng mga mag-aaral bago at matapos silang makapag-aral sa DLSU. Ang pagtatasang ito ay batay sa paghahambing ng mga magtatapos sa pag-aaral sa unang termo ng 1990-91, ng kanilang pagpapahalagang La Sallian noong bago pa lamang silang mag-aaral sa DLSU at ngayong magtatapos na sila.

KINALABASAN NG PAG-AARAL

1. Pagtatasa ayon sa Konteksto

1.1 Lumabas sa pag-aaral na ang mga layunin ng Araling Pangrelihiyon, Ministri sa Kampus at Cosca ay na-aayon sa Misyong Pahayag ng Pamantasan at pagpapahalagang La Sallian ayon sa mga kabilang sa Peer Ministers at Volunteer Formation Program at sa mga magtatapos sa pag-aaral sa unang termo ng 1990-91.

1.2 Ang mga layunin ng tatlong programang nabanggit ay naaayon din sa palagay ng mga taga tugon sa nararapat na mga layunin ng nasabing mga programa.

1.3 Bukod sa mga kasalukuyang layunin ng tatlong programa may mga iba pang layuning ibinigay ang ibang taga tugon na inaakala nilang marapat na idagdag sa mga kasalukuyang layunin.

2. Pagtatasa ayon sa Ipinagkaloob

2.1 Nabatid sa pagtatasa ayon sa Ipinagkaloob ang mga pagpapahalagang naisaloob na ng mga bagong mag-aaral at mga magtatapos sa pag-aaral noong bago pa lamang sila sa Pamantasan. Ito ay ang mga sumusunod: pinapaniwalaan nila na iisa lamang ang Diyos at si Hesus ay Anak Niya na siyang nagbibigay ng lakas na harapin ang problema sa buhay, nauunawaan nila ang kalikasan at kahulugan ng pagkatao na siyang dahilan upang maunawaan ang kalikasan ng ibat-ibang relihiyon sa sanlibutan at minamahalaga rin nila ang Banal na Aklat bilang gabay sa pang araw-araw nilang pamumuhay.

Pinapaniwalaan din nila ang katungkulan ng simbahan na pangalagaan ang pananampalataya ng tao sa pamamagitan ng kanyang pagtuturo, na siya ring magpapaunawa sa kahulugan at kahalagahan ng mga sakramentong itinatag ni Hesus. Minamahalaga din nila ang kahalagahan ng buhay ng tao at ang pagtulong sa mga nangangailangan, sa pamamagitan ng huwag masyadong magtubo ng malaki sa negosyo at magbayad ng karampatang buwis. May tama rin silang pananaw sa kasarian.

2.2 Batay sa isinulat na pananaw ng mga magtatapos sa pag-aaral tungkol sa mga guro ng Pamantasan, nabatid na ang mga guro ay may malawak na kaalaman sa kursong kanilang itinuturo, matalino at may tiwala sa sariling pagtuturo, nagbibigay ng mga punang nakakatulong sa paghubog sa pagkatao ng mag-aaral at madali silang lapitan.

Gayunman, may mga iba pang katangian na nais nilang makita sa mga guro, tulad ng mga sumusunod: makapagbigay pa ng inspirasyon sa mga mag-aaral sa pamamahagi ng kanilang karunungan, iwasang manatili sa

teoriya at sumandal sa tradisyonal na pamamaraan sa pagtuturo, maging pantay ang pagtingin sa mag-aaral at isaalang-alang ang mga damdamin ng kabataan.

3. Pagtatasa ayon sa Pamamaraan

3.1 Nabatid sa pagtatasa ayon sa Pamamaraan ang kabisaan ng pamamaraang ginagamit sa ikatatagumpay ng layunin ng tatlong programa tulad ng mga sumusunod:

3.1.1 Araling Pangrelihiyon. Ang paguugnay sa pangkasalukuyang pangyayari sa buhay ng tao sa pagtuturo ng relihiyon, pagsasa-alang alang ng aspetong sikolohiya ng mga mag-aaral sa pagtuturo, ang pagiging bukas ang isipan sa pananaw ng mga mag-aaral, pagiging masayahin at paggamit ng mga "audio visuals" sa pagtuturo.

3.1.2 Ministri sa Kampus. Ang tamang pagtatakda (right scheduling) ng pang araw-araw na Misa at ang pagpapasigla nito. Gayun din ang tamang pagtatakda ng kumpisal, ang pagtatakda ng mga retreats para sa lahat ng mag-aaral sa kampus, ang pagsasaayos lagi ng kapilya ng pamantasan upang magkaruon ng inspirasyon ang bawat isa sa kampus na magdasal at maging magandang halimbawa ang may tuwirang kaugnayan sa Ministri sa Kampus.

3.1.3 Cosca. Ang pagsasa-ayos ng mga panayam upang imulat ang mga mag-aaral sa panlipunang pananagutan, ang pagsasa-ayos na magpakita sa mga mag-aaral ng hindi magandang kalagayan ng iba nilang kapwa tao at pagsasa-ayos ng mga aktibidad na magbibigay sa mga mag-aaral ng pagkakataong makatulong sa kanilang kapwa.

3.2 Mga problemang nakapipigil sa pagsasagawa ng mga pamamaraan sa pagtuturo ng relihiyon.

3.2.1 Araling Pangrelihiyon. Ayon sa ibang guro (n=2), ang nakapipigil sa paggamit ng "audio visuals" ay ang kakulangan ng kaalaman sa tamang paggamit nito. Kung minsan ay hindi magamit ang "audio visual room" sa araw na kailangang gamitin ito ng guro.

Ayon naman sa ibang guro (n=2), mahirap ding bigyan ng pang edukasyong paglalakbay ang mga mag-aaral sa kakulangan ng panahon dahil sa "trimestral program". Sa pagiging masayahin naman sa pagtuturo, ang ibang guro (n=2) ay natatakot na baka abusuhin ng mga mag-aaral ang ganitong paraan ng pagtuturo ng relihiyon.

3.2.2 Ministri sa Kampus. Ang isang pinakaproblema ng mga namamahala sa Ministri sa Kampus ay ang kakulangan nila ayon sa isang namamahala sa nasabing programa. Dahil dito, hindi nila kayang bigyan ng retreat o recollection ang lahat ng mag-aaral sa pamantasan ng De La Salle. May programa silang sinagdiwa para sa mga nasa ikalawang taon ng pag-aaral sa De La Salle, gayunman ay hindi nila kayang bigyan ang lahat ng retreat ayon sa isang namamahala sa Ministri sa Kampus.

Ang pagsuspinde ng klase sa loob ng dalawang oras para ang lahat ay magkaroon ng pagkakataong makadalo sa Misa kapag may mahalagang okasyong pangrelihiyon ang Pamantasan, ay hindi rin basta-basta magagawa ng mga namamahala sa Ministri sa Kampus, sapagkat kailangan ang permiso ng Administrasyon. Kung minsan ay hindi pumapayag ang Administrasyon dito kung kaya ginagawa na lamang ang misa sa tanghali, ayon sa dalawang namamahala sa Ministri sa Kampus.

3.2.3 Cosca. Isa lamang ang problemang nabanggit ng ibang namamahala sa Cosca (n=2). Ito ay ang

komunikasyon nila sa mag-aaral. Mahirap sa kanila ang kominikasyon sapagkat hindi sila nagtuturo. Kung kaya may nagsabi na mas magiging madali ang komunikasyon kung sila ay makapagturo.

4. Pagtatasa ayon sa Kinalabasan.

4.1 Ipinakita ng pag-aaral na may makabuluhang kaibahan ang pagsasaloob ng pagpapahalagang La Sallian ng mga mag-aaral noon bago pa lamang sila sa DLSU at ngayong magtatapos na sila sa pag-aaral. Higit na tumibay ang pagpapahalagang La Sallian ng mga mag-aaral ngayong patapos na sila sa pag-aaral kung ihahambing noong bago pa lamang silang pasok sa DLSU. Ang pagkakaibang ito ay higit na kapuna puna sa pagpapahalagang naayon sa aspetong Mores ng Misyong Pahayag ng Pamantasan, tulad ng pagpapahalaga sa buhay ng tao, pagtulong sa mga nangangailangan at ipaglaban ang karapatan ng mahihirap.

4.2 May makabuluhang pagkakaiba ang pagpapahalaga ng mga bagong mag-aaral sa mga pagpapahalagang La Sallian na napapaloob sa Relsone at Relstwo ng mga kabilang sa Peer Ministers at Volunteer

Formation Program at magtatapos sa pag-aaral. Mas higit na sinasaloob ng mga bagong mag-aaral ang mga sumusunod na pagpapahalagang naayon sa aspetong Religio ng Misyong Pahayag ng Pamantasan, katulad ng paniniwalang isa lamang ang Diyos at si Hesus ay nagbibigay ng lakas na harapin ang problema sa buhay. Pagpapahalaga sa Banal na Aklat bilang gabay sa pang araw-araw na pamumuhay. Ang paniniwalang katungkulan ng simbahan na pangalagaan ang pananampalataya ng tao at pag-unawa sa kahulugan at kahalagahan ng mga sakramentong itinatag ni Hesus sa pamamagitan ng pagtuturo.

KONKLUSYON

1. Dahil sa lumabas sa pagsusuri na ang layunin ng tatlong programang nabanggit ay naayon sa Misyong Pahayag ng Pamantasan at naaayon sa inaakala ng mga taga tugon na nararapat na maging layunin ng nasabing mga programa, hindi kinakailangang bagubin ang mga layunin ng Araling Pangrelihiyon, Ministri sa Kampus at Cosca.

2. May mga palatandaan na ang mga bagong mag-aaral ay may matibay na pagpapahalagang La Sallian na naisaloob na nila.

3. May makabuluhang pagbabago ang pagpapahalagang La Sallian ng mga magtatapos sa pag-aaral noong bago pa lamang sila sa Pamantasan at ngayong patapos na sila sa pag-aaral.

4. Higit ang pagpapahalaga sa aspetong Religio ng mga bagong mag-aaral, samantalang higit ang pagpapahalaga ng mga magtatapos sa pag-aaral sa aspetong Mores.

**REKOMENDASYON**

Batay sa kinalabasan ng pagtatasa, hindi kinakailangang baguhin ang mga layunin at pamamaraang ginagamit ng Araling Pangrelihiyon, Ministri sa Kampus at Coena. [illegible] ng mga layunin at ng pamamaraan ng Araling Pangrelihiyon, Ministri sa Kampus at Coena, minarapat ng may akda na magbigay ng mga

sumusunod na rekomendasyon para sa programa ng mga sumusunod:

1. **Araling Pangrelihiyon**

1.1 Sinasang-ayunan ng mga kabilang sa Peer Ministers, Volunteer Formation Program at magtatapos sa pag-aaral sa unang termo ng 1990-91 ang kahalagahang Kultura. Gayunman kapuna puna na pinakamababa ang pagpapahalagang kultura ng mga taga Tugon kung ikukumpara sa Religio at Mores.

Nangangahulugan na dapat bigyan diin pa ng programa ng Araling Pangrelihiyon ang kulturang aspeto ng kanilang programa sa pamamagitan ng paglalantad ng mga sining pangrelihiyon sa mga mag-aaral. Ito ay sa pamamagitan ng pagsasaayos ng pagdadala sa mga mag-aaral sa mga simbahang may mga sining pangrelihiyon at mga Museo. Maari ding hikayatin ang mga mag-aaral na tumingin ng mga sining pangrelihiyon sa mga aklat at ipaliwanag sa kanila ang kahalagahan ng mga ito sa Kristiyanong pananampalataya.

1.2 Ang mga kabilang sa Peer Ministers at Volunteer Formation Program at ang mga magtatapos sa pag-aaral ay may malaking pagnanasang maunawaan ang Banal na Aklat. Dahil dito kailangang pagbutihing mabuti ang pagpapaunawa ng Banal na Aklat sa mga mag-aaral. Ito ay sa pamamagitan ng bukod sa lektura sa klase ay ang pag-anyaya ng mga dalubhasa sa Bibiliya na magsasalita sa mga mag-aaral.

1.3 Sinang-ayunan ng mga magtatapos sa pag-aaral na ang dapat na layunin ng Codevel na magbigay inspirasyon na magkaroon ang mga mag-aaral ng pamayanang pananagutan (social responsibility). Gayunman pinakamababa ang WM nito sa mga aytem na kaugnay sa Codevel.

Nangangahulugan na dapat bigyang diin pa ang pagbibigay inspirasyon na magkaroon ng pamayanang pananagutan ang mga magtatapos sa pag-aaral. Ito ay maaring gawin sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa namumuno ng Volunteer Formation Program ng [illegible]. Maaring imbitahin sa klase ang mga kabilang sa Volunteer Formation

Program upang sa kapwa nila mag-aaral ay ipaliwanag ang kahalagahan ng pamayanang pananagutan.

Ang rekomendasyong ito ay naayon sa panglimang pagpapahalaga ng aspetong Mores ng Misyong Pahayag ng Pamantasan. ito ay ang panlipuang kamalayan (social responsibility).

2. Ministri sa Kampus

2.1 Sinasang-ayunan ng mga kabilang sa Peer Ministers, Volunteer Formation Program at mga magtatapos sa pag-aaral ang pangangailangan sa retreat ng lahat ng mag-aaral sa kampus. Samakatuwid kinakailangang bigyan pansin ang aspetong ito ng Ministri sa Kampus.

Ang problemang inilahad ng mga namamahala sa Ministri sa Kampus ay kakulangang ng tauhan na tutulong upang mabigyan ng retreat ang lahat ng mag-aaral. Samakatuwid, kinakailangang matugunan ang nasabing suliranin ng Ministri ng Kampus.

2.2 Sinasang-ayunan din ng lahat ng grupo ng

mga taga tugon na dapat isuspinde ang klase sa loob ng dalawang oras para ang lahat ay magkaruon ng pagkakataong makadalo sa Misa kapag may mahalagang okasyonng pangrelihiyon na ipinagdiriwang sa pamantasan.

Iminumungkahi sa mga namamahala sa Ministri sa Kampus, mga kabilang sa Peer Ministers at mga mag-aaral na pag-aralang mabuti ang mga dapat na gamiting batayan, upang ang administrasyon ay maging bukas sa mungkahing ito.

2.3 Iminumungkahi ng mga mag-aaral na pasiglahin ang pang-araw araw na Misa sa kampus. Nararapat na bigyan pansin ng mga namamahala sa Ministri sa Kampus at kapelyahan (chaplain) ang mungkahing ito.

Isang paraan upang maisakatuparan ito ay inganyahin ang mga namamahala sa Ministri sa Kampus na magsaliksik sa mga makabagong paraan ng pagdiriwang ng Eukaristiya at dumalo sa mga seminar na ang tema ay tungkol sa pagdiriwang ng Eukaristiya.

3. Cosca (Center for Social Concern and Action)

3.1 Sinang-ayunan ng lahat ng kabilang sa Peer Ministers at Volunteer Formation Program at ng mga magtatapos sa pag-aaral ang mga layunin at pamamaraan ng Cosca. Gayunman, dapat bigyang pansin ang pahiwatig ng mga namamahala sa Cosca na lalong magiging mabisa sila sa mga mag-aaral kung mabibigyan ng pagkakataong makapagturo.

Kung hindi man makapagturo ang mga namamahala sa Cosca, isang paraan upang maglantad sila ng tuwirang pakikisalamuha sa mag-aaral ay ang pakikipag-ugnayan sa mga nagtuturo ng Codevel sa Departamento ng Araling Pangrelihiyon. Sa ngayon ay isinasagawa na ito bagama't hindi lahat ng nagtuturo ng Codevel ay nakikipag-ugnayan sa Cosca. Dahil dito, kinakailangan gumawa ng isang programa na maghihikayat sa mga nagtuturo ng Codevel at namamahala ng Cosca na magkaisa sa paghubog sa mga mag-aaral.

Ang pangkalahatang rekomendasyon ng may akda sa kanyang pag-aaral ay ang mga sumusunod:

1. pagsamahin ang tatlong programa sa isang bubong upang lalong maging mabisa ang kanilang programa sa pagsasaloob ng Misyong Pahayag ng Pamantasan. Ang kalikasan ng bawat programa ay naaayon lahat sa aspetong Religio, Mores at Kultura ng Misyong Pahayag ng Pamantasan. Walang dahilan kung bakit sila ay magkahiwalay sa pagsasaloob ng pagpapahalagang La Sallian.

Sa ngayon pinapaniwalaang kinakailangang makipag-ugnayan ang bawat isa. Isinasagawa naman ito ng may tuwirang kaugnayan sa tatlong programang nabanggit. Gayunman, hindi pa nangyayari na ang mga ito ay magsama-sama sa isang pagpupulong upang lalo silang maging mabisa sa pagsasaloob ng Misyong Pahayag ng Pamantasan.

Marahil, napapanahon na magkaroon ng isang instituto na magpapatatag ng Misyong Pahayag ng Pamantasan. Sa institutong ito magkakasama sama ang Departamento ng Araling Pangrelihiyon, Ministri sa Kampus at Cosca sa ilalim ng pamamahala ng isang Direktor. Kung magaganap ito, maisasakatuparan lalo na ang pagbibigay ng

pangrelihiyong kaalaman hindi lamang sa silid aralan. Magiging madali na tulungan ang mga mag-aaral na gamitin ang kanilang mga natutuhan sa relihiyon sa pakikipagkapwa tao. Sapagkat magkakaroon ng tunay na ugnayan ang Ministri sa Kampus at ang Cosca tungkol sa nilalayon ng pagtuturo ng relihiyon. Ang pag-uugnayan ng tatlong programang nabanggit ay pagsagot sa mga makabagong paraan ng paghubog sa mga mag-aaral na maging tunay na Kristiyano.

2. Ang kabisaan ng tatlong programang nabanggit ay hindi nangangahulugan na sarado na ang pinto sa pagpapabuti ng programa. Ang mga rekomendasyon ng may akda ay maaring maging gabay upang maging bukas pa lalo ang pinto sa pagpapabuti ng programa.

Ang pag-aaral na ito ay maaring gawing modelo ng ibang paaralan, upang tasain ang kabisaan ng kanilang programa sa paghubog sa mga kabataan na maging tunay na Kristiyano.

3. Lumalabas sa pag-aaral ng may akda na ang mga pagpapahalagang La Sallian ay nasa loob na ng mga

bagong mag-aaral. Samakatuwid, kinakailangang panatiliin at pagbutihin pa ang mga pagpapahalagang naisaloob ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng programa ng Araling Pangrelihiyon, Ministri sa Kampus at Cosca.

4. Kinakailangan pa ang isang mahabang pag-aaral upang malaman ang detalye ng mga pagbabago ng pagpapahalagang La Sallian ng mga mag-aaral sa paglipas ng mga taon.

5. Ang pag-aaral na ito ay maaaring ipamahagi sa mga namamahala sa Ministri sa Kampus at Cosca at sa pakultad ng Departamento ng Araling Pangrelihiyon.